# Unawain ang SSI: Tungkol sa Kawalan ng Tahanan

## Paano kung ako ay homeless?

Kung ikaw ay homeless, ang iyong mga karapatan at mga pribilehiyo sa pag-aplay para sa mga benepisyo sa SSI ay kapareho ng mga karapatan at mga pribilehiyo ng isang taong hindi homeless.

## Paano ko matatanggap ang aking mga benepisyo sa SSI kung ako ay homeless?

Kung ikaw ay homeless, ang ilan sa mga paraan kung paano mo matatanggap ang iyong mga benepisyo sa SSI ay:

- maaari mong kunin ang iyong tseke sa tanggapan ng Social Security sa iyong lugar;
- maaari mong ipadeposito ang iyong mga benepisyo sa iyong personal bank account mismo;
- maaari mong ipakoreo ang iyong mga benepisyo sa isang pangatlong partido; o
- maaari kang magtakda ng isang kamag-anak o ibang pangatlong partido bilang iyong kinatawan na tatanggap ng bayad.

## Maaapektohan ba ang aking mga benepisyo sa SSI kung ako'y nakatira sa isang institusyon?

Oo. Maaaring maapektohan ang iyong mga benepisyo sa SSI kung ikaw ay nakatira sa isang shelter, pasilidad para sa medikal na paggamot, o isang bilangguan.

Bukod pa rito, ang Department of Housing and Urban Development (HUD) ay nagbibigay ng mga grant sa mga institusyon, na tinatawag na **safe havens**, na namamahagi ng murang-murang nagbibigay-suportang housing sa mga homeless na ayaw lumahok o hindi makalahok sa mga programa ng pagpapagamot ng pangkaisipang kalusugan o hindi makatanggap ng ibang mga nagbibigay-suportang serbisyo. Ang mga benepisyo sa SSI ng isang taong nakatira sa isang **safe haven** ay hindi mababawasan para sa suporta at pagmimintina na ibinibigay ng **safe haven**.

## Institutionalization

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pananatili sa isang Institusyon, mangyaring tingnan ang mga Spotlight sa Sitwasyon ng Paninirahan, Patuloy na mga Benepisyo sa SSI para sa mga Taong Pansamantalang Nasa sa Isang Institusyon, at Pamamaraan Bago Lumabas. At tingnan din ang impormasyon tungkol sa Programa ng Kinatawan na Tatanggap ng Bayad.

## Homelessness

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Social Security sa Homelessness sa: www.socialsecurity.gov/homelessness.